# Balitang Manmin

BILANG 88 HULYO 21, 2013

# Nasaksihan ng Mahigit sa 350 mga Doktor Mula sa 24 na Bansa ang Kapangyarihan ng Diyos!

## Ika-10 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristiano Tungkol sa Medisina ng WCDN sa Mexico













Ang World Christian Doctors Network (WCDN) ay samahan ng mga Cristianong doktor mula sa magkakaibang denominasyon. Ang opisina nito ay nasa South Korea. Isinusulong ng mga miyembro nito ang pagkakaisa at pinapatunayan nila na buhay ang Diyos sa pamamagitan ng mga banal na pagpapagaling at mga pagtuturo tungkol sa tungkulin ng mga Cristianong doktor. Litrato 1: Ang Ika-10 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristiano Tungkol sa Medisina 2: Pambungad na mensahe mula kay Dr. Daniel Fuentes, Tagapangulo sa komite ng pagsasaayos ng pulong 3: Pagtatanghal ng Sound of Light Chorus 4: Paglalahad ni Dr. Francisco Carlo Gomez Barbosa tungkol sa banal na pagpapagaling

Mula Hunyo 14-15, 2013, idinaos ng WCDN (World Christian Doctors Network), ang Ika-10 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristiano Tungkol sa Medisina sa Toluca, Mexico.

Ang kumperensya na may temang "Spirituality and Medicine" (Kabanalan at Medisina) ay dinaluhan nang may 350 mga doktor at mga propesyunal mula sa 24 mga bansa. Sinimulan ito ng mensahe mula kay Dr. Gilbert Chae, Pangulo ng WCDN. Umapila siya para sa pagkakaisa ng mga Cristianong doktor sa pananampalataya. Hinimok din niya silang pasiglahin ang mga propesyunal at mga taong may talino sa mga bagay na may kinalaman sa medisina sa pamamagitan ng kumperensya. Sinabi ni Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag at Tagapangulo ng WCDN, sa ipinakitang mensahe niya sa video, "Ang ministeryo ng WCDN ay kinakailangan sa mga huling araw na ito para madala ang hindi mabilang na mga kaluluwa sa kaligtasan. Kaya hinihiling ko ang dedikasyon ninyo ng buong puso, isipan at kalakasan sa layuning ito."

Habang ipinapahayag ang pagpapasalamat sa tanggapan ng WCDN, sinabi ni Dr. Daniel Fuentes, tagapangulo ng komite ng pagsasaayos ng kumperensya sa Mexico, "Isang malaking karangalan para sa amin ang maging pinakaunang bansa sa Latin America na makapagdaos ng pandaigdigang kumperensya para sa mga Cristianong doktor."

Ang kumperensyang ito ay nagpakita ng pitong klase ng sakit na imposibleng pagalingin ng medisina, pero gumaling dahil sa panalangin. Ito ay totoong nangyari ayon sa matibay na impormasyon ng mga doktor. Nagpakita si Dr. Chae ng dalawang taong nasa kritikal na kondisyon dahil sa pagdurugo ng utak, pareho silang gumaling dahil sa panalangin nang may pananampalataya ni Dr. Jaerock Lee.

Ibinalita naman ni Dr. Pastrana Figueroa, isang plastic surgeon, ang tungkol sa anak niyang babae. Pagkatapos niyang operahan ang anak niya, nawalan ito ng malay at nagkaroon ng takotsubo cardiomyopathy (biglang panghihina ng mga kalamnan ng puso). Sinasabing 'stress' ang dahilan nito. Gumaling siya pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Ipinakita ni Dr. David Eu, isang doktor mula sa Singapore, ang kaso tungkol sa anak niyang lalaki. Ito ay may sepsis na sanhi ng impeksyon sa daanan ng ihi, at dahil sa komplikasyon, naparalisa ang isang bahagi ng bituka nito at naging barado, nanilaw din ang balat nito. Nanumbalik ang kalusugan nito dahil sa panalangin ni Dr. Lee.

Nagkaroon ng iba't ibang tanong sa bawat paglalahad, sinagot naman ang mga ito. Bukod dito, dumating din ang mga taong nakaranas mismo ng banal na paggaling – napukaw nito ang atensyon ng mga dumalo! Ipinakita ni Dr. Andre Gasiorowski (Israel), Presidente ng Helping Hand Coalition, ang tungkol sa isang babaing bayolinista na nagkasakit ng kanser sa lymph node, pero gumaling at lumusog sa pamamagitan ng banal na kapangyarihan. Pagkatapos ng pagbabahagi tungkol sa nangyari sa kanya, dumating siya para ibigay ang personal niyang patotoo. Niluwalhati niya ang Diyos sa pamamagitan ng pagtugtog.

Nagkaroon din ng espesyal na mga pag-aaral na pumukaw ng espiritu ng mga dumalo bilang mga doktor. Nagturo tungkol sa tungkulin at trabaho ng isang Cristianong doktor at sa aspeto ng paggalang sa pasyente sina Dr. Luis Paz, taga-Puerto Rico, at si Dr. Apolos Landa, taga-Peru. Ipinaalala nila na dapat tulungan ng mga doktor ang mga pasyente sa pagpapanumbalik ng pisikal at espirituwal na kalakasan.

Nagbigay ng espesyal na pagtuturo si Dr. Alvin Hwang tungkol sa "The Principles that We Need to Know to Receive Divine Healing" (Ang mga Bagay na Dapat Nating Malaman Para Tumanggap ng Banal na Pagpapagaling), batay sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Ipinaliwanag din niya ang kaugnayan ng pagpapabanal at paggaling dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Inilahad niya ang tungkol sa paggaling ng anak niyang si Lucia Hwang mula sa calcific tendinitis (naiipong calcium at tumitigas) sa pulso nito.

Nagkaroon ng pagkakaisa ang mga dumalo sa pagtatanghal ng Sound and Light Chorus mula sa komite ng sining ng Manmin Central Church. Naging malaking pagpapala at kapuspusan ang napakaganda nilang papuri at sayaw.

Pagkatapos ng kumperensya, sinabi ni Dr. Daniel Fuentes, "Nagpapakita ng mga himala si Jesu-Cristo kahapon at ngayon. Ipinapakita Niya ang pag-ibig Niya sa ating lahat. Ang Diyos ay niluwalhati ng kumperensyang ito sa pamamagitan ng mga pagpapatunay ng banal na pagpapagaling, mga pagtuturo tungkol sa pagpapanumbalik ng espiritu, at ng mga pagtatanghal na puspos ng Espiritu, kamangha-mangha!"

Samantala, inilahad ng kinatawan ng Costa Rica sa Guatemala na si Fernando Borbon ang patotoo tungkol sa paggaling niya sa pangwakas na panalangin sa unang araw ng kumperensya. Gumaling siya mula sa tumor sa baga dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Sa 2014, idadaos ang ika-11 kumperensya sa Bulgaria.

# Pinapasan, Pinaniniwalaan, at Inaasahan ng Pag-ibig ang Lahat ng Bagay

"Ang pag-ibig ay matiisin…pinapasan nito ang lahat ng bagay, pinaniniwalaan ang lahat ng bagay, inaasahan ang lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay" (1 Mga Taga-Corinto 13:4-7).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Walang taong tatanggi sa 'pag-ibig' sa mundong ito. Sumasaya ang isang tao kung umaapaw ang pag-ibig sa kalooban niya kahit na mahirap ang buhay. Sa kabaliktaran, kahit mayaman, hindi magiging tunay ang kasiyahan kung wala silang espirituwal na pag-ibig. Hindi maiiwasan ng mga tao ang umibig, pero espirituwal na pag-ibig dapat at hindi magbabago magpakailanman.

Ang mga katangian ng espirituwal na pag-ibig ay ipinaliwanag sa 1 Mga Taga-Corinto 13. Sinasabi nitong pinapasan, pinaniniwalaan, at inaasahan ang lahat ng bagay ng pag-ibig. Pag-aralan nating mabuti ang espirituwal na kahulugan nito at kung paano makakamit ang espirituwal na pag-ibig.

### 1. Pinapasan ng pag-ibig ang lahat ng bagay

Pagkatapos nating tanggapin si Jesu-Cristo, sisikapin nating mabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Habang ginagawa ninyo ito, haharap kayo sa mga bagay na kailangan ninyong pasanin. Kailangan ninyong pasanin sa ngayon ang galit at inis ninyo sa ibang tao. Papasanin din ninyo ang mga bagay na hinahangad ninyo para sa sarili pero hindi pa ninyo makuha dahil kailangan pa ninyong tumulong sa ibang tao.

Ito ang dahilan kung bakit 'matiisin' ang katangian ng espirituwal na pag-ibig na unang binanggit sa lahat ng labinlimang katangian. Dapat tayong maging matiisin sa lahat ng klaseng hirap para maiwaksi ang masasamang bagay sa puso natin at manatiling matiisin sa laban sa ating 'sarili'. Ang mga bagay na ito ay tinatawag na 'pagtitiis'.

Ano naman ang kahulugan ng 'pinapasan ang lahat ng bagay'? Ito ay pagpasan ng lahat ng pagdurusa na mula sa ibang tao pagkatapos nating mapangalagaan ang puso natin sa katotohanan. Ibig sabihin, ang pagpasan ng lahat ng bagay sa talatang ito ay may mas malalim na kahulugan kaysa, 'ang pag-ibig ay matiisin'. Ito ay pagpasan ng lahat ng bagay na hindi ayon sa espirituwal na pag-ibig.

Sa madaling salita, ito ay pagpasan ng lahat ng klase ng kasamaan tulad ng kasinungalingan, laman, at mga kasalanan. Halimbawa, walang pagtitiis; walang awa, nagagalit; nagyayabang; at walang galang, ang lahat ng ito ay laban sa espirituwal na pag-ibig. Kasama din ang paghahangad ng sariling pakinabang, nayayamot, nagtatala ng mga pagkakamali, at natutuwa sa masamang gawa.

Ang sinasabi dito ay – ang pagpasan ng isang bagay ay hindi lang pagpigil dito. Ito ay pagwaksi ng lahat ng kasamaan sa puso at pagpuksa dito. Ito ay paglilinis ng puso natin. Kung lilinisin natin ang puso natin at iwawaksi ng lubos ang laman, magiging espirituwal tayo, puno ng espirituwal na pag-ibig.

Sa totoo lang, kung magiging espirituwal tayo, hindi na kailangang sabihing 'pinapasan'. Ang pagiging espirituwal ay nangangahulugang minamahal natin nang sukdulang ang Diyos, wala na tayong iisiping ano mang bagay na laban sa pag-ibig. Siyempre, hindi na rin natin gagawin ang mga bagay na ito. At dahil wala na tayong kasamaan sa puso natin, hindi na natin mapapansin ang pagkukulang o mga maling ginagawa ng ibang tao. Kahit makita pa natin ang mga ito, iintindihin na lang natin at pagtatakpan, kaya wala na tayong papasanin na kahit ano.

Ano ang ginawa ng mga tao kay Jesus nang magpunta Siya sa mundo para iligtas ang mga makasalanan? Lahat ng ginawa Niya ay puro mabuti, pero inalipusta at kinapootan Siya ng mga tao. Sa huli, ipinako Siya sa krus. Si Jesus, na Siya mismong katotohanan, ay nagtiis sa ganitong klaseng mga tao. Idinalangin pa Niya ang mga ito, sinabi Niya, "Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Ang pagpasan ni Jesus ng lahat ng bagay at ang pag-ibig Niya ay naging dahilan ng kaligtasan; ang sinumang tatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas ay magiging anak ng Diyos. Sila ay malilipat mula sa kamatayan patungo sa buhay na walang hanggan. Iniibig tayo ng Diyos, kaya nagpapatuloy Siya sa 'pagpasan' sa atin at hinihintay Niyang maging tunay na mga anak Niya tayo.

### 2. Pinaniniwalaan ng pag-ibig ang lahat ng bagay

Kung may minamahal kayo nang buong puso, papaniwalaan ninyo ang lahat ng bagay tungkol sa kanya. Kahit na may pagkukulang pa siya, sisikapin ninyong paniwalaan siya. Tatratuhin ninyo siya nang may pagmamahal dahil naniniwala kayong magbabago siya. Ang ganitong klase ng pagtitiwala ay nagpapatunay ng pagmamahal ninyo sa ibang tao.

Pwedeng sabihing ang pagtitiwala ay isang pamantayan para masukat ang laki ng pag-ibig. Samakatwid, ang pagtitiwala sa Diyos ng lubos ay ibigin Siya ng lubos. Dahil perpekto ang pagtitiwala ni Abraham sa Diyos, pwede siyang tawaging 'ama ng pananampalataya' at 'kaibigan ng Diyos'. Ang pananampalataya niya sa Diyos ay wagas kaya sinunod niya ang utos nito na ialay ang nag-iisang anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin. Kaya niyang gawin ito dahil lubos ang pagtitiwala niya sa Diyos na nagagawang bumuhay ng patay.

Sinabi kanina, pinaniniwalaan ng pag-ibig ang lahat ng bagay. Ang mga lubos na nagmamahal sa Diyos ay magtitiwala ng 100% sa salita Niya. At dahil pinaniniwalaan nila ang lahat ng bagay, pinapasan din nila ang mga ito. Para pasanin ang lahat ng bagay na laban sa espirituwal na pag-ibig, dapat tayong magkaroon ng pananampalataya. Ibig sabihin, kung pinaniniwalaan natin ang lahat ng salita ng Diyos, malilinis natin ang puso natin, maiwawaksi ang lahat ng bagay na laban sa pag-ibig, at pagkatapos, magkakaroon ng pag-asa sa lahat ng bagay.

Paano tayo inibig ng Diyos? Ibinigay Niya ang Tanging Anak Niya para sa ating mga makasalanan. Binuksan Niya ang daan ng kaligtasan. Hindi dahil nauna tayong nagmahal at naniwala sa Kanya. Nauna ang Diyos na nagmahal sa atin, at sa pamamagitan ng paniniwala sa katotohanang ito, minamahal natin ang Diyos tulad ng isinulat sa 1 Juan 4:9-10. Sa simula, mamahalin natin ang Diyos dahil naniwala tayo sa katotohanang ito, pero kung magkakaroon tayo ng mas malaking espirituwal na pag-ibig, aabutin natin ang antas na lubos tayong maniniwala dahil sa pag-ibig.

Posibleng makamit ang espirituwal na pag-ibig kapag naiwaksi na natin ang lahat ng kasamaan sa puso. Lubos ang paniniwala ng mga mayroong espirituwal na pag-ibig sa lahat ng tao. Kahit may mabigat na pagkakasala at pagkukulang ang mga ito, at parang hindi na pwedeng pagkatiwalaan, tatanggapin pa rin ng mga taong may espirituwal na pag-ibig ang mga ito dahil may pananampalataya sila. Sumasampalataya din sila na magbabago sila. Hindi sila nabibigo o sumusuko kung may pagkukulang sila, nagtitiwala lang sila sa kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Umaasa sila na babaguhin sila ng Diyos. Palaging sinasabi ng Banal na Espiritu sa atin, "Kaya mo 'yan!" Magagawa natin ang mga bagay kung maniniwala tayo.

### 3. Inaasahan ng pag-ibig ang lahat ng bagay

Kung minsan, gustong baguhin ng mga tao ang ibang tao dahil ayaw nila sa ikinikilos ng mga ito. Pero kung pag-aawayan nila kahit ang maliliit na bagay, hindi nila mababago ang mga ito. Kaya ang sarili na lang ninyo ang baguhin ninyo. Dapat mahalin ninyo sila at paglingkuran.

Ang umaasa sa lahat ng bagay ay ang paghahangad at paghihintay na matupad ang lahat ng bagay na pinaniniwalaan ninyo. Ibig sabihin, kung mahal ninyo ang Diyos, magtitiwala kayo sa lahat ng Salita Niya at aasahang lahat ng bagay ay matutupad ayon dito. Aasahan ninyo ang panahong makikibahagi kayo sa pag-ibig ng Diyos Ama magpakailanman sa magandang kaharian ng langit. Ito ang dahilan kung bakit pinapasan ninyo ang lahat ng bagay at kung bakit sumusulong kayo sa takbuhin ng pananampalataya.

Gayon pa man, ang mga makamundong tao na walang pananampalataya ay walang pag-asa sa kaharian ng langit. Dahil wala silang inaasahan, para sa kanila, katapusan na ng lahat kapag namatay sila. Sinusunod at nagsisiya sila sa makalamang mga bagay. Dahil hindi sila nakukuntento, naghihirap sila araw-araw at walang tunay na pag-asa. Hanggang sa mamatay sila, kinakatakutan nila ang mangyayari sa hinaharap.

Sa kabilang banda, umaasa sa lahat ng bagay ang mga nagtitiwala sa Diyos, kaya pwede nilang piliin ang makipot na daan gaya ng isinulat sa Mateo 7:13-14. Sa 1 Mga Taga-Corinto 15:19, sinabi ni apostol Pablo, "Kung para sa buhay lamang na ito tayo umaasa kay Cristo, sa lahat ng mga tao ay tayo ang pinakakawawa."

Sa makalamang pananaw, ang pagpipigil sa sarili at banal na pamumuhay ng mga Cristiano ay pabigat. Para sa mga hindi mananampalataya, makipot ang daan natin. Pero para sa ating mga mananampalataya, ito ang pinakamasayang daan sa lahat dahil patungo ito sa maganda at walang hanggang Langit. Naipaliwanag na, hindi nagbabago ang pag-ibig habang naghihintay at umaasa sa lahat ng bagay hanggang ang lahat ng pinaniniwalaan ay matupad.

Mahal kong mga kapatid, hinihintay ng Diyos na makamit ninyo ang espirituwal na pag-ibig para maging tunay na mga anak Niya. Para sa Kanya, ang isanlibong araw ay isang araw lang. Maaari nating harapin ang lahat ng tao nang may pananampalataya at ipasan ang lahat ng bagay. Kung gagawin ninyo ito, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na madala ninyo ang maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Tatlong Pamantayan ng Panalanging Tinatanggap ng Diyos

Para makamit ang mabuti at magandang kalooban, dapat nating pakinggan, isapuso, at isabuhay ang Salita ng Diyos. Magpalakas tayo para magawa natin ito sa pamamagitan ng panalangin (Tingnan ang 1 Kay Timoteo 4:5).
Kahit pinag-aaralan ninyo ang Salita, kung hindi naman kayo nananalangin nang may inspirasyon mula sa Espiritu, hindi kayo mabibigyan ng karunungan at kalakasan na tutulong sa inyo para tuklasin at isabuhay ang Salita.
Sa pamamagitan ng tatlong pamantayan, suriin ninyo kung ang mga dalangin ninyo ay dapat tanggapin ng Diyos. Umaasa kami na magsusulong kayo ng makapangyarihang buhay Cristiano.

## UNA

### Nananalangin ba kayo sa inspirasyon ng Espiritu habang inaalala ang Salita ng Diyos?

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos sa espiritu, kaya kung mananalangin tayo sa inspirasyon ng Espiritu, madali nating mauunawaan ang kalooban ng Diyos. Ang dahilan nito ay sapagkat tinuturuan tayo ng Espiritu. Sinasaliksik Niya ang lahat ng bagay, kahit ang kalaliman ng Diyos. Samakatwid, kinakailangan ang tulong ng Banal na Espiritu para makilala natin ang 'sarili' at baguhin sa katotohanan ang puso natin.

Mababasa sa Juan 14:26, "Subalit ang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalala sa inyo ng lahat ng Aking sinabi sa inyo," dapat tayong manalangin sa tulong at pagtuturo ng Espiritu. Kung mapupuspos tayo ng Kanyang inspirasyon at kalakasan habang nananalangin, tatanggapin natin ang kapangyarihan para magbago.

Para makapaghandog ng makapangyarihang panalangin, isapuso muna natin ang Salita ng Diyos. Ibig sabihin, pakinggan natin ang Salita, itanim sa puso, gawin itong pagkain, at manalangin. Kapag mananalangin tayo habang inaalala ang Salita Niya, bibigyan ng liwanag ng Espiritu ang puso natin, tuturuan Niya tayo tungkol sa sarili natin.

Ipagpalagay nating nananalangin kayo para makamit ang espirituwal na pag-ibig. Sa halip na sabihin ninyong, "Payagan po Ninyong tanggalin ko ang galit at palitan ito ng pag-ibig," mas mabuti kung sasabihin ninyong, "Ang pag-ibig ay matiisin, natutuhan ko po na ang pagiging matiisin ay hindi pagpigil sa galit, dahil wala itong galit na pagtitiisan. Kahit may taong galit sa akin, nagpapahirap sa akin, at sumusumpa sa akin, dapat ko siyang unawain at patawarin; ito ay pag-ibig. Sana po ay magkaroon ako ng ganitong klaseng pag-ibig sa puso ko."

Kapag nananalangin tayo habang inaalala ang Salita ng Diyos na ipinaliwanag sa mga sermon, bibigyan tayo ng Espiritu ng pang-unawa. Ipapaalala Niya sa atin ang mga pangyayaring umubos ng pasensya natin o kaya ang sama ng loob natin sa taong galit sa atin.

Habang nananalangin tayo, ipapaalala din sa atin ng Banal na Espiritu ang mga hindi natin nauunawaan dahil abala tayo sa araw-araw na buhay, tuturuan Niya tayo. Kaya, magbabago tayo sa kapangyarihan at tulong ng Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng kaalaman tungkol sa ating 'sarili' sa paghahandog natin ng ganitong panalangin.

## IKALAWA

### Tinutukoy ba ninyo sa Diyos ang pangangailangan ninyo sa panalangin?

Nang tawagin si Jesus ng bulag na pulubing si Bartimeo, sinabi nito sa kanya, "Ano ang ibig mong gawin Ko para sa iyo?" Sumagot siya, "Ibig kong muling makakita!" Batid ni Jesus ang lahat ng bagay tungkol sa lalaking ito pero tinanong Niya kung ano ang pangangailangan nito, at tinukoy naman nito ang isang bagay (Marcos 10:46-52).

May isa pang pangyayaring nakasulat sa Marcos 9:17-27, dinala kay Jesus ng isang ama ang anak niyang sinapian ng isang espiritu. Tinanong ni Jesus ang ama ng batang lalaki, "Gaano katagal nang nangyayari ito sa kanya?" At sumagot ito, "Mula pa sa pagkabata. Madalas na siya'y inihahagis nito sa apoy at sa tubig upang siya'y patayin." At nagpatulong siya kay Jesus, "Tulungan Mo kami."

Sabihin nating mayroon kayong problema sa negosyo at kailangan ninyo ng tulong. May nagtanong sa inyo, "Anong pwede kong itulong sa inyo? Gusto ko kayong tulungan." Kung may nagtanong sa inyo ng ganito, walang sasagot sa inyo ng, "Kung anong tulong ang gusto mong ibigay". Sa halip, tutukuyin ninyo ang pangangailangan ninyo at kung bakit ninyo kailangan ito. Dapat ganito rin ang gawin ninyo kapag nananalangin kayo sa Diyos.

Ganito rin ang dapat gawin sa pagwawaksi ng kasalanan at kasamaan. Ang selos at inggit ay hindi madaling iwaksi kapag nanalangin tayo ng, "Payagan po ninyo akong tanggalin ang selos at inggit." Dapat ninyong ilahad ang lahat sa harapan ng Diyos, isipin ang mga ginawa at naramdaman ninyo, at tukuyin ang hinihiling.

Kung gusto ninyong maging perpektong nilalang na hindi natitisod, manalangin kayo ng ganito: "Ayaw ko pong gumamit ng marahas na salita. Ayaw ko rin pong magdahilan o 'magpalusot' sa mga maling ginawa ko. Gusto ko pong ihinto ang labis na pagbibiro. Ayaw ko pong siraan ang ibang tao." Kung ganito ang panalangin ninyo, ibubuhos ng Diyos ang pagpapala Niya sa inyo.

## IKATLO

### Naaantig ba ang puso ng Diyos sa panalangin ninyo?

Sa Lucas 18, mayroong talinghaga tungkol sa masamang hukom. Nabigyan niya ng hustisya ang nagpupumilit na balo kahit masama siya. Sa talinghagang ito, sinabi ng Panginoon, "Hindi ba bibigyan ng Diyos ng katarungan ang kanyang mga pinili na sumisigaw sa kanya araw at gabi, Kanya bang matitiis sila?"

Naaantig ang puso ng Diyos sa isang maalab na pananalangin. Kapag nananalangin tayo nang maalab at taimtim, nang buong puso, kalooban, isipan, at dedikasyon, bibigyan tayo ng Diyos ng lakas at pagpapala.

Higit pa riyan, mahalagang manalangin nang may mabuting puso. Ito ay sapagkat ang mabangong samyo ng panalangin ng kabutihan ay aantig sa puso ng Diyos. Para makapaghandog ng panalangin ng kabutihan na tatanggapin ng Diyos, pagyamanin natin ang kabutihan natin, ipunin natin ito sa bawat sandali ng buhay natin. Kung nakaipon na tayo ng mga salita at mga gawa ng kabutihan, makakapanalangin na tayo nang may mabuting puso.

Sabihin nating idinadalangin ninyo ang anak ninyong masama ang ugali. Kung hihilingin ninyo sa Diyos na baguhin siya pero hindi kayo mapalagay dahil nahihiya kayo, bigo at may sama ng loob, hindi ito panalangin na may pag-ibig. Dapat ninyong pagsisihan muna ang mga kasalanan ninyo, sabihing, "Hindi ako nagtagumpay na maging mabuting halimbawa bilang magulang. Naapektuhan ang anak ko kaya marami rin siyang pagkukulang." Kung magsisisi kayo at ipapanalangin ang anak ninyo nang may pag-ibig, magbabago siya.

Kahit dumadanas kayo ng pagsubok, ang panalanging tatanggapin ng Diyos ay ang inihahandog nang may mapagkumbabang puso at pagpapasalamat para magdala ito sa inyo ng pagbabago. Hindi ito dapat puno ng pananangis, kalungkutan, o paghatol sa sarili.

Umaasa kami na tutukuyin ninyo ang mga hinahangad ng puso ninyo sa mga dalangin na may inspirasyon ng Espiritu. Maghandog kayo ng maalab na panalangin ng kabutihan, at magsulong ng makapangyarihang buhay Cristiano sa pagpapala ng Diyos.

Pinatunayan ng WCDN (Samahan ng mga Cristianong Doktor) ang mga banal na pagpapagaling batay sa impormasyong may kinalaman sa medisina at sinasabing ito ay totoong pagkilos ng Diyos. Pinapatunayan ng samahang ito na buhay ang Diyos at ang Biblia ay totoo sa mga nagaalinlangan at nagkakaila na may Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga ebidensya.

Mula Hunyo 14-15, 2013, idinaos ng WCDN ang ika-10 pandaigdigang kumperensya ng mga Cristianong doktor sa Toluca, Mexico. Nagkaroon ng mga espesyal na pagtuturo at nagpakita ng mga kaso ng pagpapagaling sa mahigit sa 350 doktor mula sa 24 na bansa. Ibabahagi namin sa inyo ang ilan sa mga pagpapagaling na naganap dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Tanging sa Diyos lang ang luwalhati.





# Pinatunayan ng Samahan ng mga Cristianong Doktor (WCDN) ang mga Makapangyarihang Pagkilos ng Diyos



Pagpapagaling mula sa South Korea

Karamdaman:
**Cerebral Hemorrhage (pagdurugo sa utak dahil sa pumutok na ugat)**

Naglahad:
**Dr. Gilbert Chae (Surgeon)**



Bago ipanalangin, nakita ang subarachnoid hemorrhage

Pagkatapos ipanalangin, wala na ito

Ito ay nangyari sa isang 49 taong gulang na lalaki. Nagkasugat ang ulo niya pagkatapos madulas sa kalye na may yelo noong Disyembre 13, 2012. Siya ay dinala sa ER (emergency room). Naoperahan na siya dati dahil sa hematoma (naiipong dugo) sa kanang bahagi ng utak pagkatapos niyang maaksidente sa trapiko noong 1991.

Nakita sa CT scan na ang utak niya ay may subarachnoid hemorrhage (pagdurugo sa pagitan ng utak at ng mga himaymay na tumatakip dito) sa kanang bahagi na hugis suklay. Lumalala pa ang kondisyong ito, pero ayaw niyang magpaopera. Tumanggap ng panalangin mula kay Rev. Dr. Jaerock Lee ang asawa at ang anak niyang babae para sa kanya.

Sa ika-7 araw ng paglalagi niya sa ospital, nagkaroon siya ng pulmonya, lumala ito. Nagsisi ang mga miyembro ng pamilya niya dahil hindi totoong naging tapat ang mga espiritu nila sa Diyos. Noong Enero 1, 2013, tinanggap ulit nilaang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa tatay nila. Hindi na nakita sa CT scan ang subarachnoid hemorrhage sa utak niya dalawang araw pagkatapos ng panalangin. Ang pagpapagaling ng Diyos ay nangyari, lumampas ito sa lugar at panahon tulad ng nakasulat sa Biblia, kahit wala doon mismo ang pasyente para tanggapin ang panalangin.




Pagpapagaling mula sa Mexico

Karamdaman:
**Takotsubo Cardiomyopathy (biglang panghihina ng mga kalamnan ng puso)**

Naglahad:
**Dr. Jose Manuel Pastrana (Plastic Surgeon)**

Sumailalim sa 'cosmetic surgery' ang isang 19 taong gulang na babae noong Disyembre 14, 2011. Naging maayos ang operasyon at hindi nagkaroon ng kahit na anong komplikasyon. Pero pagkalipas ng dalawang araw, biglang bumaba ang presyon ng dugo niya, nahirapang huminga, at nawalan ng malay. Dinala siya kaagad sa ospital. Sa ultrasound, nasuring mayroon siyang takotsubo cardiomyopathy (biglang panghihina ng mga kalamnan ng puso). Kahit masinsinan ang pagngangalaga sa kanya, hindi nagbago ang kondisyon niya. Noong panahong iyon, sinabi ng mga doktor na 'ikakamatay na niya ito'.

A) Ang echocardiogram na nagpapakita ng malalang pamamaga ng kaliwang bahagi ng puso
B) Gumaling ang kondisyon nito pagkatapos ng anim na araw.



Habang agaw-buhay siya sa ICU (Intensive Care Unit), hiniling ng pamilya niya kay Dr. Jaerock Lee na ipanalangin siya. Tinanggap ni Dr. Armando Pineda (direktor ng WCDN, Estados Unidos), ang panalangin para sa kanya na lumalampas sa lugar at panahon habang nasa pagsamba sa iglesya. Kamangha-manghang bumuti ang kalagayan niya noong Disyembre 21, 2011. Bumalik sa normal ang kalusugan niya kaya pinauwi na siya mula sa ospital.




Pagpapagaling mula sa Singapore

Karamdaman: **Sepsis, Paninilaw**

Naglahad: **Dr. David Eu (Family Physician)**

Ipinanganak ang bunsong anak na lalaki ni David noong Oktubre 14, 2009. Noong 7 linggong gulang pa lang siya, nagkaroon siya ng napakataas na lagnat na tumagal ng mga ilang araw. Dinala nilang mag-asawa ang anak sa doktor noong Nobyembre 30, 2009. Nasuri na mayroong impeksyon sa daanan ng ihi ang anak nila at pinayuhan silang ipasok na ito sa ospital para malagyan ng suwerong may antibyotiko. Gayon pa man, umuwi sila dahil sa palagay nila, napakabata pa ng anak para sa antibyotiko, natakot silang magkaroon ito ng ibang epekto. Higit pa riyan, bilang mga Cristiano, naniwala silang pagagalingin ito ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

Sa loob ng sumunod na dalawang araw, ang anak ay namutla at nanilaw. Ang tiyan niya ay lumaki at hindi na siya mapakali. Tinawagan ni Misyonera Wong Ping Ping, asawa ni David, si Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church at humiling ng dalangin para sa anak nila. Pagkatapos ng panalangin, bumaba ang lagnat at lumiit na ang tiyan nito. Nakangiti na siya. Pagkatapos ng isa pang pananalangin, nawala na rin ang paninilaw niya.



Noong Disyembre 18, 2009, nasuring normal na ang dugo at ihi niya, magaling na siya. Gumaling siya sa pamamagitan ng makapangyarihang panalangin. Lumalaki na siyang malusog na bata ngayon.